# Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan ______________________________ Petsa ________________ Marka $\frac{\quad}{15}$

## Pagpili ng tamang panghalip na panaong maramihan

Talâ: panghalip - *pronoun*, panghalip na panao - *personal pronoun*

*Panuto:* Salungguhitan ang panghalip na panaong maramihan na bubuo sa bawat pangungusap. Pumili sa mga panghalip sa loob ng panaklong.

---

Lihim na kinakausap ni Ginoong Gener ang kanyang dalawang anak na sina Lara at Angelo. "Mga bata, pupunta [1](namin, nila, tayo) sa Manila Zoo sa kaarawan ni Jessica," sabi ni Ginoong Gener. "Ito ay sorpresa [2](kami, natin, sila) para kay Jessica kaya huwag [3](tayo, nila, ninyo) sabihin sa kanya kung saan [4](ninyo, tayo, namin) pupunta."

"Hindi po [5](namin, kami, tayo) sasabihin kay Ate Jessica. Umasa po [6](sila, kayo, kami) sa amin, Tatay," sagot ni Angelo.

"Kaya po [7](sila, namin, kami) magtago ng sikreto," dagdag pa ni Lara.

"Alam po ba ito ni Nanay?" tanong ni Angelo.

"Oo, [8](kami, sila, natin) ng nanay [9](namin, ninyo, nila) ang naka-isip nito," sagot ni Ginoong Gener. "Mahilig kasi si Jessica sa mga hayop at nais niyang makita ang elepante roon."

May narinig [10](silang, nilang, kayong) nagbukas ng pinto kaya napahinto ang usapan [11](natin, nila, kami). Dumating si Jessica galing paaralan.

"Magandang hapon, Tatay," sabi ni Jessica sabay mano sa kanyang magulang. "Kanina pa po ba [12](kami, nila, kayo) nakauwi? Angelo, Lara, nagmeryenda na ba [13](kayo, tayo, namin)?" tanong niya sa kanyang mga kapatid.

"Opo, Ate Jessica. Nagmeryenda na po [14](kami, sila, ninyo) ng elepante!" sagot ni Lara. Napatawa sina Ginoong Gener, Angelo, at Jessica.

"Elepante?! Busog na busog ka na siguro! Ano ang hapunan [15](tayo, natin, sila) mamaya? *Hippopotamus* ba?" pabirong sagot ni Jessica habang yakap si Lara.